



# PATNUBAY SA MISA



15 Nobyembre 2020

Ika-33 Linggo sa Karaniwang Panahon

Taon A

## Ang Sipag na Pamungahin ang Ipinunla ng Diyos

**T**ayo ay nagdiriwang ng Ikatatumpu't Tatlong Linggo sa Karaniwang Panahon. Papatapos na ang Taon ng Simbahan. Ang paghahanda para sa pagdating ng Panginoon sa wakas ng ating buhay ang idinidiin ng ating pagdiriwang. Ang sipag sa paghahanda ay makikita sa pagsisikap na mapamunga ang ipinunla ng Diyos sa ating pagkatao. Maraming yamang ipinagkatiwala ang Panginoon sa atin. Nariyan ang pag-aari. Nariyan ang talino. Nariyan ang ganda, kalusugan, at mga kakayahang-pangkatawan. Nariyan din ang iba't ibang katangian ng isip at damdamin. Nariyan din ang ating pakikipag-ugnayan sa maraming taong dumarating sa ating buhay. Nariyan din naman ang panahong inilalagi natin sa daigdig na ito.



Sa katapusan ng ating buhay ay kailangan tayong magsulit para sa lahat ng ito. Namunga ba nang masagana ang lahat ng ito? Tulungan sana tayo ng ating banal na pagdiriwang upang matanto kung may mga ipinunla ang Diyos sa ating pagkataong nananatiling nakabaon pa at hindi pa nalilintang.

### PASIMULA



#### Pambungad

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

**Sinabi ng Poong banal, pag-asa't kapayapaan ang nais kong inyong kamtan. Kayo'y aking pakikilingan at bibigyang-kalayaan.**

#### Pagbati

**P** –Ang pagpapala ng ating Panginoong Hesukristo, ang pag-ibig ng Diyos Amang nagpunla ng maraming yaman sa ating pagkatao, at ang pakikipagkaisa ng Espiritu Santo ay sumainyong lahat!

**B** – At sumaiyo rin!

#### Pagsisisi

**P** –Tayo ay binigyan ng Diyos ng maraming yaman at katangian. Para sa ating kakulangan ng sipag na mapamunga ang lahat ng ito, humingi tayo ng kapatawaran. (Manahimik saglit.)

**P** –Para sa aming kakulangan

ng pananampalataya sa iba't ibang handog na iyong ibinigay para aming mapamunga sa aming buhay, Panginoon, kaawaan mo kami!

**B** –Panginoon, kaawaan mo kami!

**P** –Para sa aming kawalan ng pag-asa sa iyong tulong para hindi masayang ang iyong mga handog sa amin, Kristo, kaawaan mo kami!

**B** –Kristo, kaawaan mo kami!

**P** –Para sa aming nanlalamig na pag-ibig na siyang nagdulot na kawalan ng kasipagan sa amin para mapamunga nang masagana ang iyong mga kaloob, Panginoon, kaawaan mo kami!

**B** –Panginoon, kaawaan mo kami!

**P** –Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga sala, at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.

**B** –Amen!

#### Papuri

**B** –Papuri sa Diyos sa kaitaasan

at sa lupa'y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya. Pinupuri ka namin, dinarangal ka namin, sinasamba ka namin, ipinagbubunyi ka namin, pinasalamatan ka namin dahil sa dakila mong angking kapurihan. Panginoong Diyos, Hari ng langit, Diyos Amang makapangyarihan sa lahat.

Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak, Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahilingan. Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama, maawa ka sa amin. Sa-pagkat ikaw lamang ang banal, ikaw lamang ang Panginoon, ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataas-taasan, kasama ng Espiritu Santo sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen!

#### Panalangin Pambungad

**P** –Ama naming makapangyarihan, ipagkaloob mong lagi naming ikaligayang ikaw ay pagling-

kuran sapagkat walang maliw at walang kahulip ang kasiyahan kapag sumasamba kami sa iyong kapangyarihang nagpapairal sa tanang sanlibutan sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan. **B–Amen!**

**PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS**



**Unang Pagbasa Kaw 31:10-13.19-20.30-31**

Ang sipi galing sa Aklat ng Kawikaan ay ibinabantayog ang mga kahanga-hangang katangian ng isang ulirang kabiya ng buhay. Ang kanyang sipag sa paggamit ng kanyang mga katangian ang siyang nagpapadakila sa kanya sa mata ng lahat.

**L** – Pagpapahayag mula sa Aklat ng Mga Kawikaan

Mahirap makakita ng mabuting asawa, higit sa mamahaling alahas ang kanyang halaga. Lubos ang tiwala ng kanyang asawa, at saganang pakinabang ang makakamit niya.

Pinaglilingkuran niya ang kanyang asawa habang sila’y nabubuhay, pawang kabutihan ang ginagawa at di kasamaan. Wala siyang tigil sa paggawa, hindi na halos nagpapahinga, humahabi ng kanyang lino at saka ng lana. Siya’y gumagawa ng mga sinulid at humahabi ng sariling damit. Matulungin siya sa mahirap at sa nangangailangan ay bukas ang palad.

Magdaraya ang pang-akit at kumukupas ang ganda ngunit ang babaing may takot sa Panginoon ay pupurihin ng balana. Ibunton sa kanya ang lahat ng parangal, karapat-dapat siya sa papuri ng bayan.

Ang Salita ng Diyos!  
**B** – Salamat sa Diyos!

**Salmong Tugunan Awit 127**  
**B** – *Mapalad ang sumusunod na taong may takot sa D’yos!*

R. M. Velez



Mapalad ang su mu-su nod na



ta-ong may ta kot sa D’yos!

\* **Mapalad ang bawat tao na sa Diyos ay may takot, ang maalab na adhika’y sumunod sa kanyang utos. Hindi siya magkukulang sa anumang kailangan, ang buhay ay maligaya’t uunlad ang kanyang buhay. B.**

\* **Sa tahanan, ang asawa’y parang ubas na mabunga. Bagong tanim na olibo sa may dulang ang anak n’ya. B.**

\* **Ang sinuman kung ang Diyos buong pusong susundin, buhay niya ay uunlad at laging pagpapalain. Mula sa Sion, pagpapala nawa ng Diyos ay tanggapin, at makita habang buhay, pag-uunlad ng Jerusalem. B.**

**Ikalawang Pagbasa 1 Tes 5:1-6**

Lingid sa kaalaman ng lahat ang pagdating ng Araw ng Panginoon. Sa halip na magsayang ng panahon ang tao sa pagtuklas kung kailan ito magaganap ay dapat ituon na lamang niya ang kanyang pansin sa kasipagang maging talagang handa.

**L** – Pagpapahayag mula sa Unang Sulat ni Apostol San Pablo sa mga taga-Tesalonica

Mga kapatid: Hindi na kailangang isulat ko pa sa inyo kung kailan magaganap ang mga bagay na ito, sapagkat alam na ninyong ang pagdating ng Araw ng Panginoon ay tulad sa pagdating ng magnanakaw. Kapag sinasabi ng mga tao, “Tiwasay at panatag ang lahat,” biglang darating ang kapahamakan. Hindi sila makaiwas sapagkat ang pagdating nito’y tulad ng pagsumpong ng pagdaramdam ng babaing manganganak.

Ngunit hindi kayo nabubuhay sa kadiliman, mga kapatid, kaya’t hindi kayo mabibigla sa Araw na yaon na darating na parang magnanakaw. Kayong lahat ay kabilang sa panig ng kaliwanagan – sa panig ng araw – hindi sa panig ng kadiliman o ng gabi.

Kaya nga, kailangang tayo’y manatiling gising, laging handa, at malinaw ang isip – di tulad ng iba.

Ang Salita ng Diyos!  
**B** – Salamat sa Diyos!

**Aleluya Jn 15:4a.5b**

**B** – Aleluya! Aleluya!  
Sa Poon ay manatili siya’y sa atin lagagi, mamungang maluwalhati.  
Aleluya! Aleluya!

**Mabuting Balita Mt 25:14-30**  
*Ang talinghaga ng tatlong*

*katiwalang pinagkalooban ng iba’t ibang yaman at kakayahan ay nagtutulak sa ating maging handa para sa pagdating ng Panginoon sa wakas ng ating buhay. Marami man o kaunti ang ibinigay ng Panginoon, ang mahalaga ay kung paano mapamumunga ang mga ito.*

**P** – Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Mateo  
**B** – Papuri sa iyo, Panginoon!

Noong panahong iyon, sinabi ni Hesus sa kanyang mga alagad ang talinghagang ito:

“Ang paghahari ng Diyos ay maitutulad dito: May isang taong maglalakbay, kaya tinawag niya ang kanyang mga alipin at ipinagkatiwala sa kanila ang kanyang ari-arian. Binigyan niya ng salapi ang bawat isa ayon sa kanya-kanyang kakayahan: binigyan niya ang isa ng limanlibong piso, ang isa nama’y dalawanlibong piso, at ang isa pa’y sanlibong piso. Pagkatapos, siya’y umalis.

Humayo agad ang tumanggap ng P5,000 at ipinangalakal iyon. At nagtubo siya ng P5,000. Gayon din naman, ang tumanggap ng P2,000 ay nagtubo ng P2,000. Ngunit ang tumanggap ng P1,000 ay humukay sa lupa at itinago ang salapi ng kanyang panginoon.

Pagkaraan ng mahabang panahon, bumalik ang panginoon ng mga aliping iyon at pinapagsulit sila. Lumapit ang tumanggap ng P5,000. Wika niya: ‘Panginoon, heto po ang P5,000 na bigay ninyo sa akin. Heto pa po ang P5,000 na tinubo ko.’ Sinabi sa kanya ng panginoon, ‘Magaling! Tapat at mabuting alipin! Yamang naging tapat ka sa kaunting halaga, pamamahalin kita sa malaking halaga. Makihati ka sa aking kagalakan!’ Lumapit din ang tumanggap ng P2,000, at ang sabi, ‘Panginoon, heto po ang ibinigay ninyong P2,000. Heto naman po ang P2,000 tinubo ko.’ Sinabi ng kanyang panginoon, ‘Magaling! Tapat at mabuting alipin! Naging tapat ka sa kaunting halaga, kaya pamamahalin kita sa malaking halaga. Makihati ka sa aking kagalakan!’

At lumapit naman ang tumanggap ng P1,000. ‘Alam ko pong kayo’y mahigpit,’ aniya. ‘Gumagapas kayo sa hindi ninyo tinamnan, at nag-aani sa hindi ninyo hinasiikan. Natakot po ako, kaya’t ibinaon ko sa lupa ang inyong salapi. Heto na po ang P1,000 ninyo.’ ‘Masama at tamad na alipin!’ tugon ng kanyang pangino-

on. 'Alam mo palang gumagapas ako sa hindi ko tinamnan at nag-aani sa hindi ko hinasikan! Bakit hindi mo iyan inilagag sa bangko, di sana'y may nakuha akong tubo ngayon? Kunin ninyo sa kanya ang P1,000 at ibigay sa may P10,000. Sapagkat ang mayroon ay bibigyan pa, at managanana; ngunit ang wala, kahit ang kakaunting nasa kanya ay kukunin pa. Itapon ninyo sa kadiliman sa labas ang aliping walang kabuluhan. Doo'y tatangis siya at magngangalit ang kanyang ngjipin.'"

Ang Mabuting Balita ng Panginoon!

**B—Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo!**

### Homiliya

#### Sumasampalataya

**B—**Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. Nagkawatang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao. Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao at sa buhay na walang hanggan. Amen!

#### Panalangin ng Bayan

**P—**Hingin natin sa Diyos na kayanin nating maging handa para sa pagdating ng Panginoon sa katapusan ng panahong ibinigay Niya sa atin. Para sa bawat kahilingan ang ating itutugon ay:

**B—Amang mapagbigay, dinggin Mo ang aming panalangin!**

\* Para sa mga namumuno sa Simbahan, upang mapaghandaan

nila ang pagdating ng Panginoon sa kanilang buhay sa pamamagitan ng kanilang sipag sa pangangalaga sa kanilang kawan, manalangin tayo sa Panginoon! **B.**

\* Para sa mga namumuno sa ating bansa, lalo na sa panahong ito ng *Covid-19 pandemic*, upang magamit nila nang maayos ang yaman ng ating mga taong-bayan at ng ating kalikasan para sa tunay na pag-unlad, manalangin tayo sa Panginoon! **B.**

\* Para sa lahat ng mga kumikilos sa ating mga pagamutan at nagsisikap na sugpuin ang pagkalat ng *Covid-19*, at para na rin sa mga kawani ng pamahalaang nagpapanatili ng kaayusan sa ating lipunan, upang sa kanilang pag-sisikap ay kanila pang matuklasan ang ilang kagalingang lingid pa sa kanilang kaalaman, manalangin tayo sa Panginoon! **B.**

\* Para sa ating lahat ng mga Kristiyano, upang sa Taong ito ng Ekumenismo ay ating matuklasan ang iba pang paraan tungo sa panunumbalik ng pagkakaisa sa Simbahan, manalangin tayo sa Panginoon! **B.**

\* Para sa ating lahat na manalangin sa Linggong ito, upang umigting pa ang ating sipag na gamitin ang lahat ng ating kakayahan para lumago sa pagiging mga ulirang anak ng Diyos at alagad ni Hesukristo, manalangin tayo sa Panginoon! **B.**

\* Tahimik nating ipanalangin ang ating mga sariling kahilingan. (*Tumigil saglit.*)

Manalangin tayo! **B.**

**P—**Ama naming mapagbigay sa aming Iyong mga anak, ibuhos Mo sa amin ang handog ng Iyong Espiritung Banal upang maging masigasig kami sa pagtuklas at paglinang sa mga handog Mo sa aming buhay at maging talagang handa para sa pagdating ng Iyong Anak na si Hesukristong aming Panginoon.

**B—Amen!**



**P—**Manalangin kayo . . .  
**B—**Tanggapin nawa ng Panginoon

noon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.

#### Panalangin ukol sa mga Alay

**P—**Ama naming Lumikha, ipagkaloob mo ang iyong masintahing pagtingin sa aming mga alay upang ang kagandahang-loob mo ay aming makamtam at ang bunga ng walang hanggang pag-iral ay aming mapakinabangan sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

**B—Amen!**

#### Prepasyo IV

**P—**Sumainyo ang Panginoon!

**B—**At sumaiyo rin!

**P—**Itaas sa Diyos ang inyong puso at diwa!

**B—**Itinaas na namin sa Panginoon!

**P—**Pasalamat natin ang Panginoong ating Diyos!

**B—**Marapat na siya ay pasalamat!

**P—**Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamat sa pamamagitan ni Hesukristo na aming Panginoon.

Siya ay naging kapwa naming maaasahan upang may mangunang umako sa pananagutan dahil hangad mong magbago ang kinamihansang pagkakanyakanya ng sangkatauhan. Bunga ng pagtitiis, siya ay nanaig at ang kamatayan ay kanyang nalupig kaya't siya ang aming Daan para aming masapit ang iyong tapat at maaasahang pag-ibig.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

**B—Santo, santo, santo . . .**

#### Pagbubunyi

**B—**Sa krus mo at pagkabuhay kami'y natubos mong tunay, Poong Hesus naming mahal, iligtas mo kaming tanan ngayon at magpakailanman.



**B—**Ama namin . . .  
**P—**Hinihiling namin . . .

**B**—Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen!

**Paanyaya sa Kapayapaan**

**Paghahati-hati sa Tinapay**

**B**—Kordero ng Diyos . . .

**Paanyaya sa Pakikinabang**

**P**—Ito si Hesus, ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.

**B**—Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.

**Antipona ng Pakikinabang**

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Sa sarili'y hangarin ko sa piling ng D'yos madako at panatag ngang totoo ang aking pag-asang ito na siya'y di maglililo.

**Panalangin Pagkapakinabang**

**P**—Ama naming mapagmahal, sa pinagsaluhan naming banal na pakikinabang ang amin nawang pag-ibig ay lalong madagdagan ng ginawa namin sa pag-alala sa Anak mong mahal na nag-utos ipagdiwang ang Huling Hapunan sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpa-

sawalang hanggan.

**B**—Amen!



**P**—Sumainyo ang Panginoon.

**B**—At sumaiyo rin!

**P**—Pagpalain kayo ng makapangyarihang Diyos: Ama, Anak, at Espiritu Santo.

**B**—Amen!

**P**—Humayo kayo sa kapayapaan at maging kasangkapan kayo ng pag-ibig ng Diyos para sa lahat.

**B**—Salamat sa Diyos!

## Ang Pagpapaliwanag ng Turo ng Ikalawang Konsilyo Vaticano hinggil sa Ekumenismo

(P. René T. Lagaya, SDB)

Ang turo ng Ikalawang Konsilyo Vaticano hinggil sa Ekumenismo ay napapaloob sa Dokumentong pinamagatang *Unitatis redintegration* (Ang Panunumbalik ng Pagkakaisa) na pinagtibay noong ika-21 ng Nobyembre 1964. Ang Ikatlo at huling Kabanata nito ay may labin-dalawang bilang. Ang tinatalakay nito ay ang mga Simbahan at pamayanang napahiwalay sa Simbahang Katoliko. Ito ay may dalawang bahagi. Ang ikalawa ay tungkol sa tamang pananaw sa ating mga napahiwalay na kapatid sa Kanluran. Ang ikadalawangpung tatlong bilang ay nagpapahayag ng kahalagahan ng pagsasabuhay ng Magandang Balita, lalo na sa ikapapanuto ng lipunan, para sa pag-uusap tungo sa panunumbalik ng pagkakaisa.

**IKATLONG KABANATA: ANG MGA SIMBAHAN AT PAMAYANANG KRISTIYANONG NAPAHIWALAY SA ROMA**

**Ikalawang Bahagi: ANG MGA SIMBAHAN AT PAMAYANANG NAPAHIWALAY NA NASA KANLURAN**

“Ang buhay-Kristiyano ng ating mga kapatid na ito ay binubusog ng pananampalataya kay Kristo. Pinalalakas ito ng biyaya ng binyag at ng pakikinig sa Salita ng Diyos. Ang buhay na ito ay ipinahahayag sa pamamagitan ng pansariling panalangin, sa pagninilay sa Salita ng Diyos, sa buhay ng isang mag-anak na Kristiyano, at sa pagsamba ng buong pamayanan para sa ikaluluwalhati ng Diyos. Dapat pang idagdag na ang kanilang pagsam-

ba ay kung minsan kakikitaan ng mga bahagi ng pagsambang dati ay tulad ng sa atin.”

“Ang pananampalataya nila kay Kristo ay nagbubunga ng pagpupuri at pasasalamat para sa mga kabutihang tinanggap mula sa kamay ng Diyos. Kasama nito ang isang buhay na pagtataguyod ng katarungan at ng tunay na pag-ibig sa kapwa. Ang buhay na pananampalatayang ito ay ang nasa likod ng maraming samahan para maibsan ang mga pangkaluluwa at pangkatawang kahirapan, ang pagtataguyod ng pagtuturo sa mga kabataan, ang pagpapaunlad ng panlipunang lagay ng buhay, at ang pagpapalaganap ng kapayapaan sa buong daigdig.”

“At sa mga bagay hinggil sa ugaling Kristiyano, maraming Kristiyano ay hindi laging nauunawaan ang Magandang Balita tulad ng pang-unawa ng mga Katoliko, at hindi rin nila tinatanggap ang mga lunas para sa mga higit na maselang suliranin ng ating pangkasalukuyang lipunan, kaya nga lamang ay nais pa rin nilang maging tapat sa Salita ni Kristo bilang bukal ng Kristiyanong pamumuhay at sundin ang utos ng Apostol: ‘At anuman ang gagawin ninyo, maging sa salita o sa gawa, gawin ninyong lahat sa pangalan ng Panginoong Hesus, at sa pamamagitan niya’y magpasalamat kayo sa Diyos Ama’ (Colosas 3:17). Dahil dito, ang pag-uusap tungkol sa pagkakaisa ay makapagsisimula sa pagsasabuhay ng Magandang Balita.”



**WORD & LIFE  
PUBLICATIONS**

Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila

Postal Address: P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines

Tel. Nos. 8894-5401; 8894-5402; 8892-2169 • Telefax: 8894-5241 • Website: www.wordandlife.org

• E-mail: marketing@wordandlife.org; wordandlifepublications@gmail.com • FB: Word & Life Publications

• Editorial Team: Fr. S. Putzu, Fr. R. Lagaya, C. Valmonte, V. David, J. Domingo, A. Vergara, D. Daguio

• Illustrations: A. Sarmiento, B. Cleofe • Marketing: J. Feliciano • Circulation: R. Saldua